# PARA-Teacher’s Guide: Gabay sa Pagpapaunlad ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Filipino 7 sa Tulong ng mga Magulang

Anastacia N. Victorino
Curriculum Implementation Division
Gerardo P. Legaspi
Carlos F. Gonzales High School
Raymond S. Villafane
Prenza National High School
2021

Abstrak

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang epekto ng paggamit ng binuong Para-Teacher’s Guide bilang gabay-pantulong ng mga magulang sa mga mag-aaral nilang anak sa Filipino 7 na ginamitan ng pamaraang quasi-experimental (pretest and posttest design. Ang 638 na kalahok na mag-aaral ay mula sa mga sumusunod na paaralan: sa Eddis I ay Calumpit National High School; sa Eddis II ay ang Dr. Felipe De Jesus National High School; sa Eddis III ay ang Carlos F. Gonzales High School; at sa Eddis IV ay ang Prenza National High School. Bawat paaralan ay may mga kalahok na mag-aaral na pinili batay sa naging resulta ng Raosoft Sample Size Calculator na kumatawan sa experimental group at control group. Ang mga datos buhat sa pauna at pangwakas na pagtataya sa Filipino ay sinuri gamit ang mga sumusunod: Wilcoxon signed ranks test, Mann-Whitney test, frequency, percentage, at mean. Lumabas sa pag-aaral na nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagkatuto sa Filipino 7 ng mga mag-aaral sa control na pangkat at mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat batay sa resulta ng kanilang pangwakas na pagtataya. Ang pag-unlad ng antas ng pagkatuto sa Filipino 7 ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat na ginabayan ng kanilang mga magulang gamit ang Para-Teacher’s Guide ay higit na mataas kaysa sa mga mag-aaral na hindi sumailalim sa nasabing interbensyon, kung kaya’t natuklasan ang kabisaan ng Para-Teacher’s Guide bilang kagamitang gabay-pantulong ng mga magulang sa mga mag-aaral sa Filipino. Iminimungkahi na ipagamit ang Para-Teacher’s Guide sa mga magulang ng mga mag-aaral ng Filipino 7 at lumikha ng mga ganitong uri ng kagamitang pampag-aaral na tutulong sa mga magulang at mag aaral sa paglinang ng mga kasanayang aangkop sa pangangailangan ng kasalukuyang kurikulum para sa lahat ng antas sa mataas na paaralan sa panahon ng bagong normal.

*Mga Susing Salita:* para-teacher, Para-Teacher’s Guide, interbensyon, gabay